# KAPASIYAHAN BLG. 2025-180

**"NAGPAPATIBAY SA KAUTUSANG PAMBARANGAY BLG. 02, H-2025 NG BARANGAY NG BONGA MAYOR, BUSTOS, BULACAN NA NAGTATAKDA NG MGA SINGILIN SA MGA ESTABLISYEMENTO, NAGNENEGOSYO AT MGA KAURI NITO. TAX REVENUE ORDINANCE FOR BARANGAY CLEARANCE FOR BUSINESS SA NASASAKUPAN NG BARANGAY BONGA MAYOR NAGLALAAN NG MGA ALITUNTUNIN AT KAPARUSAHAN SA MGA LALABAG."**

---

*Sa Pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pananalapi, Paggugol, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan at Kooperatiba**

---

**SAPAGKAT**, matapos ang isinagawang pampublikong pagdinig ng Sangguniang Barangay ng Bonga Mayor, ay napatunayan na walang pagtutol mula sa mga residente at mga negosyanteng apektado sa pagbabayad ng nasabing Kautusang Pambarangay, at sa halip ay nagpahayag ng kanilang pagsang-ayon sa layunin nitong magbigay ng maayos na pamantayan para sa pagbibigay ng Barangay Clearance para sa negosyo;;

**SAPAGKA'T**, batay sa opisyal na talaan at pagsusuri ng Tanggapan ng Pambayang Paglilisensya ng Negosyo, ang itinaktang singilin ng Barangay Bonga Mayor ay kabilang sa pinakamababa sa buong Bayan ng Bustos, kayat makatarungan at hindi pabigat sa mga maliliit na negosyante;;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing Kautusang Pambarangay ay inihanda at ipinatupad nang naaayon sa umiiral na mga probisyon ng Local Government Code 1991 at iba pang kaukulang pambansa at panlokal na batas, at walang nilalabag na alinmang regulasyon;

**SAPAGKA'T**, pangunahing layunin ng Kautusang ito na mapalakas ang kakayahang pampinansyal ng Barangay Bonga Mayor upang matustusan ang mahahalagang programa, proyekto, at serbisyong panlipunan para sa kapakinabangan ng buong pamayanan.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, ng Sangguniang Bayan na pagtibayin ang Kautusang Pambarangay Blg. 02, H-2025 Barangay Bonga Mayor, Bustos, Bulacan na nagtatakda ng mga singilin sa mga establisyamento, nagnenegosyo at mga kauri nito. Tax revenue ordinance for barangay clearance for business sa nasasakupan ng Barangay Bonga Mayor naglalaan ng mga alituntunin at kaparusahan sa mga lalabag.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-24 ng Nobyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Kyle Gabrielle DR. Navarro**
Kasangguni

**Romeo B. Cabalquinto**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Engr. Gliceria M. Perez**
Kasangguni

**Raymond R. Perez**
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay

**Mel Ryan P. Juan**
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan

**Martin SJ. Angeles, MMPA**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-24 ng Nobyembre taong Dalawanlibo Dalawampu't Lima.

**Atty. Gerardo S. Briasa**
Kalihim